GSMA

# Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills



Copyright © 2024 GSM Association

# Module 1: Introduksyon sa Internet

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet


Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills

Maiikling Pagsasanay:

# Introduksyon sa Internet

Ang pahinang ito ay idinisenyo upang matulungan ang mga tagapagsanay na sagutin ang pangkalahatang mga tanong na maaaring itanong ng mga trainee tungkol sa mobile internet. Nagbibigay ito ng simpleng mga paliwanag sa ilang mga tanong na kadalasang tinatanong ng mga tao tungkol sa internet. Maaaring makatutulong ang pag-print sa pahinang ito. Makikita rin ang mga halimbawang ito sa loob ng mga module ng toolkit na ito.

## Ano ito?




**Ipakita ang poster ng 'Introduksyon sa internet'.**

**Ipaliwanag:** "Ang internet ay isang network ng milyong-milyong mga computer sa buong mundo na konektado sa bawat isa gamit ang mga linya ng telepono, satellites, at kable. Ito ay nagbibigay sa iyo ng pagkakataong makuha ang iba't ibang impormasyon at serbisyo na patuloy na lumalago at lumalawak sa paglipas ng panahon. Ang internet ay para sa lahat. Walang mga paghihigpit sa kung sino ang puwedeng gumamit nito. Kailangan mo lang ng computer, mobile phone, o tablet at koneksyon ng data."

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

"Matutulungan ka ng internet na gumawa ng maraming bagay tulad ng:

- Pagpapadali sa pamamahala ng negosyo, pakikipag-ugnayan sa mga customer at supplier, at pagpapalakas ng negosyo mula sa bahay nang hindi na kailangang magbiyahe.
- Magpadala ng mga mensahe at larawan at manatiling konektado sa pamilya at mga kaibigan na maaaring nakatira sa malayo.
- Maaliw sa pamamagitan ng panonood ng mga video, musika, at sports.
- I-promote at ibenta ang iyong mga bagong produkto, serbisyo, o ani, o bumili ng mga bagay na kailangan ng iyong pamilya.
- Matuto ng mga bagong kaalaman tulad ng mga recipe, paano patakbuhin ang negosyo, mag-ayos ng gamit, o paunlarin ang iyong pamamaraan sa pagsasaka.
- Maghanap at tumuklas ng impormasyon tungkol sa mga balita, lagay ng panahon, mga iskedyul ng pampasaherong transportasyon, mga sermon, at mga payo sa kalusugan para sa iyong pamilya, at marami pang iba.

Marami pang ibang bagay na maaari mong magawa gamit ang internet. Iilan lamang ito sa mga halimbawa."

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

**Gawin itong makabuluhan** sa trainee sa pamamagitan ng pagtalakay kung paano ito maaaring maging kapakipakinabang sa sariling buhay ng trainee. Isaalang-alang ang mga halimbawa na tugma o kapaki-pakinabang sa sumusunod na klase ng trainees na makikilahok sa inyong sesyon:

**Matatanda:** Makipag-ugnayan sa pamilya sa pamamagitan ng pagmemensahe o social media, at maghanap ng impormasyon tungkol sa kalusugan sa internet.

**Ina o maybahay:** Matuto ng mga bagong kasanayan gaya ng paggawa o pag-aayos ng mga damit; suportahan ang mga anak sa gawain sa paaralan; kontakin ang doktor tungkol sa karamdaman ng isang bata.

**May-ari ng negosyo:** Makipag-ugnayan sa mga kustomer o supplier; i-promote o ibenta ang iyong mga produkto o serbisyo; matuto at mag-explore ng mga bagong kaalaman para sa iyong negosyo.

**Magsasaka o mga tao sa kanayunan:** Makakuha ng impormasyon tungkol sa presyo sa merkadoibang pamilihan, pagtataya ng panahon, at tips sa mas maayos na pagsasaka.

**Kabataan**: Makakuha ng tulong sa mga takdang-aralin; matuto ng bagong kaalaman at manood ng mga video ng paborito mong musikero o sports para maglibang.


## Paano ito gumagana?

### Mayroong dalawang uri ng mobile phone na magagamit mo para i-access ang internet.

**Mga Smartphone:** Parang mga mini computer ang mga teleponong ito. Kadalasan, ginagamit at kinokontrol ang isang smartphone sa pamamagitan ng touch screen sa halip na paggamit ng mga button. Puwede kang kumuha ng larawan, makinig ng musika, manood ng video, at mabilis na makagamit ng internet sa pamamagitan ng mga app.

**Feature phones:** Mas kaunti ang features ngganitong klaseng telepono kumpara sa smartphone. Wala itong touchscreen, pero puwede kang makinig ng musika at kumuha ng litrato. Puwede rin itong gamitin ang internet gamit ang browser para makapasok sa ilang online services.

# Mga gastos sa data




"Para i-access ang internet sa pamamagitan ng mobile phone, maaaring mong gamitin ang koneksyon sa mobile data o koneksyon sa Wi-Fi."

**Ipakita ang poster ng 'Mga gastos sa data'.**

"Karaniwan, kapag ginagamit ang internet sa iyong smartphone, gumagamit ka ng mobile data. Kailangan mong bilhin ito mula sa lokal na ahente ng mobile network mo o isang tindahan na nagbebenta ng credit o load sa phone.

May mga ginagawa sa internet—tulad ng panonood ng video o pakikinig ng musika—na mas malaki ang nagagamit na data, kaya mas mataas ang maaaring maging gastos mo."

# Mga Poster at Mga Cut-Out

**Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet**

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills

# Importanteng tips para manatiling ligtas online

**Tandaan na bukas ang internet para sa lahat sa buong mundo, kaya dapat itong ituring na parang pampublikong lugar—(gaya ng palengke) na kailangan mong mag-ingat at maging responsable sa mga ginagawa mo online.**

## Tandaan na hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo

Kahit sino ay puwedeng mag-post ng kahit ano online, kaya huwag maniwala sa lahat ng nakikita mo. Kahit na mula ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaaring hindi ito totoo. Mag-ingat bago magbahagi ng impormasyon sa iba.

## Mag-isip nang mabuti bago magpadala ng pera sa isang taong nakilala mo online

Mag-ingat sa mga email, mensahe o pop-up na hindi mo hiningi, lalo na kung humihingi sila ng pera o naglalaman ng mga kakaibang link.

## Panatilihing pribado ang personal na impormasyon mo, kabilang ang mga password

Iwasang magbahagi ng mga personal na detalye tulad ng buong pangalan mo, address ng bahay o phone number maliban kung talagang kinakailangan.

## Huwag magdulot ng pinsala sa iba online

Maging mabait at magalang. Huwag mang-bully, magkalat ng maling impormasyon o mang-harass ng sinuman. Ang iyong mga aksyon online ay maaaring makaapekto sa mga tao sa totoong buhay.


## Maging mapagbantay sa mga scam at manloloko

Katulad sa totoong buhay, nasa internet din ang mga magnanakaw at kriminal. May mga taong nagpapanggap na ibang tao online.

## Kumilos sa pamamagitan ng pag-block o hindi pagpansin sa taong nang-iistorbo sa iyo

Kung may nang-aabala o nangha-harass sa iyo online, humingi ng tulong at sabihin sa isang tao o i-report ito.

# Mga Gastos sa Data



# Introduksyon sa Internet



# Alagaan ang aking pamilya



**“Ginagamit ni Swati ang internet upang itaguyod at alagaan ang kanyang pamilya at mga kaibigan”**

## Itaguyod ang aking negosyo



**“Ginagamit ni Aarti ang internet upang tulungan siyang itaguyod ang kanyang negosyo”**

## Matuto ng dagdag na mga kakayahan



**“Ginagamit ni Seema ang internet upang tulungan siyang matuto ng dagdag na mga kakayahan”**

## Alagaan ang aking pamilya



**“Ginagamit ni Pradip ang internet upang itaguyod at alagaan ang kanyang pamilya at mga kaibigan”**

**Itaguyod ang aking negosyo**



## "Ginagamit ni Arunan ang internet upang tulungan siyang itaguyod ang kanyang negosyo"

## Matuto ng dagdag na mga kakayahan



**"Ginagamit ni Arvind ang internet upang tulungan siyang matuto ng dagdag na mga kakayahan"**

Mga Cut-Out ng Icon

# Introduksyon sa Internet



Mga Cut-Out ng Icon

# Introduksyon sa Internet



Mga Cut-Out ng Icon

# Introduksyon sa Internet

Mga Cut-Out ng Icon

# Introduksyon sa Internet

# 'Salamat' at tapusin ang training

**Pagkatapos mong makumpleto ang training, batiin ang mga trainee mo at mamigay ng mga sertipiko bilang gantimpala.**

## Pasalamatan ang mga trainee

- **Magtanong:** "May kumpyansa ka na bang gamitin ang mga accessibility feature na ito?" o "May kumpyansa ka bang gamitin ang mobile phone mo?"
- **Pasalamatan ang mga trainee mo** para sa oras nila, input at partisipasyon sa training.

## Ibigay ang mga handout

- **Ibigay sa mga trainee mo ang mga handout** para sa training kung hind imo pa nagagawa.
- Kabilang dito ang mga poster na 'Mga Kahulugan', 'Importanteng tips para manatiling ligtas online', 'Mga gastos sa data', 'Mabuting paggamit ng internet' at 'Introduksyon sa internet'.







## Magsagawa ng seremonya ng pagtatapos

- Bigyan ang bawat trainee ng pinirmahang sertipiko (kasama sa toolkit ang mga template ng sertipiko).
- Puwede mo ring bigyan ang mga trainer ng mga sertipiko para sa pagkumpleto ng training 'bilang mga trainer.'

**Tip:** Puwede mong sulitin ang seremonya para sa mga trainee sa pamamagitan ng paghiling sa kanila na pumunta sa harapan ng silid nang paisa-isa para tanggapin ang kanilang sertipiko at makipagkamay sa trainer.



# SERTIPIKO

Natapos ni

ang pagsasanay sa

**PANGUNAHING MGA KASANAYAN SA MOBILE INTERNET**

Petsa

Nilagdaan



# SERTIPIKO

Natapos ni

ang pagsasanay sa

**PANGUNAHING MGA KASANAYAN SA MOBILE INTERNET**

Petsa

Nilagdaan